

**Araw ng Bata**
**Mayo 5**

# Pahayagan ng Yaizu

TAGALOG(タガログ語)

**Mayo (5 月 GO gatsu) / 2024 (令和 6 年 Reiwa 6 nen) /¥0**



**Araw ng Ina**
**Mayo 12**

QR code


Yaizu City Hall (YAIZU SHIYAKUSHO)
Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor
☏054-626-2191 http://www.city.yaizu.lg.jp


**Iskedyul ng Interpreter** **【Munisipyo Main branch】** Tagalog&Bisaya&English: Lunes-Biyernes 8:30am-5:00pm /Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 8:30am-5:00pm/Spanish:Lunes,Miyerkules-Biyernes 8:30am-4:30pm

**※Walang Interpreter: 12:00pm~1:00pm.**

**【Oigawa branch】** Portuguese:Mayo 2 & 16(Ika-1 & Ika-3 na Huwebes) 8:30am-11:30am
Tagalog•Bisaya•English:Mayo 8 & 22(Ika-2 & Ika-4 na Miyerkules) 9:00am-11:30am

**Ang Yaizu City Hall ay sarado sa Golden week mula Mayo 3(Biyernes) hanggang Mayo 6(Lunes).**
**Mayo 3(Biyernes) National Constitution day・Mayo 4(Sabado) Greenery day・**
**Mayo 5(Linggo) Children's day・ Mayo 6(Lunes) Substitute Holiday**

## ■Pagsasanay sa paghatid ng Impormasyon ng Bansa sa pamamagitan ng Broadcast (Zenkoku issei joho dentatsu shiken)■

Bilang paghahanda sa lindol,tsunami at armadong pag-atake,magsasagawa ng pagsasanay sa paghatid ng impormasyong pang-emerhensiya mula sa bansa sa pamamagitan ng wireless radio broadcast sa lungsod. (Idadaan sa pag-brodkast lamang)



【Mensahe ng Broadcast】 ♪Chime →「Kore wa, J-arato no tesuto desu(x3) (Ito ay praktis ng J-alert)」
→「Kochirawa, Koho Yaizu desu. (Mula sa Pahayagan ng Yaizu)」→♪Chime
【Araw･Oras】 Mayo 22 (Miyerkules) Mga 11:00am~
【Matatawagan】 Seksyon sa Pagplano ng Prebensyon sa Sakuna(Bosai Keikaku-ka) ☏054-625-0128

## ■Sistema ng Espesyal na Eksemsyon sa Pambansang Pensyon(Kokumin nenkin no tokurei menjo seido)■

Sa taong miyembro ng Employee's Pension at Mutual-aid Pension na huminto ng trabaho at siyang hirap makapagbayad sa premyum ng Pambansang pension dahil sa pinansyal na pangangailangan,may sistema para sa pagkuha ng iksemsyon sa premyum.Para sa karagdagang detalye,ikonsulta niyo lamang ito. Pakidala ang makikitang bagay sa ibaba ①~③ kapag nais komunsulta.

①Patunay ng Basic Pension Number o My number
②Kopya ng Sertipikong patunay na nawalan ng trabaho (Employment Insurance Qualified Recipient's Identification Card:Koyo Hoken Jukyu Shikakushasho,Job Seperation Notice:Rishokuhyo,Employment Insurance Recipient Qualification Notice:Koyo Hoken Jukyu Shikaku Tsuchi at iba pa)
③ID ng taong nagpunta sa tanggapan (Residence card etc.)

【Matatawagan】
Tagapangasiwa ng Pambansang Seguro at Pensyon(Munisipyo Main branch 2nd floor) ☏054-626-1114
Japan Pension Agency Shimada Pension Office (Nippon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho)
☏0547-36-2211 FAX:0547-37-6011

## ■Notipikasyon ng Buwis sa Ari-arian･Buwis sa Paaplano ng Lungsod (Kotei-shisan-zei/Toshi-keikaku-zei no nozei tsuchisho)■

Ipapadala sa Mayo 1(Miyerkules) ang Notipikasyon sa Bayarin sa Buwis:Nozei Tsuchisho para sa Buwis ng Ari-arian(Kotei Shisanzei)･Buwis ng Plano sa Lungsod(Toshi Keikakuzei). Kapag natanggap ang Notipikasyon ng Bayarin sa Buwis,kumpirmahin ang nilalaman.

【Angkop】 Taong mayroong Ari-arian sa Lungsod (Lupain at Bahay atbp.)
【Paraan ng pagbayad】 Mas konbinyent gamitin ang Bank Account Transfer.
Mangyaring mag-apply sa mga bangko o post office ng lungsod.
Ang mga bayarin ay hinati sa 4 na beses. Ating bayaran ang Ika-1 termino hanggang sa Hunyo 5 (Miyerkules).

【Matatawagan】
○Ukol sa pataw ng buwis
Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) Tagapangasiwa sa Lupa(Tochi tanto) ☏054-626-1149
Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) Tagapangasiwa sa Bahay(Kaoku tanto) ☏054-626-2150
Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) Tagapangasiwa sa Depreciable assets･Taxes (Shokyakushisan•Shozei Tanto) ☏054-626-1142
○Ukol sa Pagbayad Seksyon ukol bayarin sa Buwis(Nozei Sokushin-ka)
Tagapamahala kinulektang bayad(Shuno Kanri Tanto) ☏054-626-2147

Pakibayaran hanggang sa Mayo 31.

# Sa lahat ng nagmamay-ari ng sasakyan

Ang huling araw ng pagbabayad ng Buwis sa Maliliit na Sasakyan(Keijidoshazei)(Diskuwento kada uri), Buwis sa Sasakyan(Jidoshazei)(Diskuwento kada uri) ay hanggang sa ***Mayo 31(Biyernes)***. Huwag kalimutan magbayad.
Maaari din magbayad sa pamamagitan ng bangko at post office,convenience store,credit card,smartphone payment.

## ■Buwis sa Maliliit na Sasakyan/Diskuwento kada Uri (Keijidosha-zei Shubetsuwari)■

Ipapadala ang Notipikasyon sa Bayarin ng Buwis (Nozei Tsuchisho) sa *Mayo 8(Miyerkules)*. Pakikumpirma ang nilalaman ng matatanggap na Notipikasyon ng Bayarin sa Buwis(Nozei Tsuchisho).
Kapag ang may-ari ng Maliliit na Sasakyan:keijidosha(motorsiklo at iba pa) ay mayroong kapansanan possibleng makamura sa babayaran sa pamamagitan ng pag-aaplay.Magtanong sa karagdagang detalye.
【Panahon ng Aplikasyon】Mula sa pagtanggap ng Notipikasyon ng Bayarin ng Buwis sa Maliliit na Sasakyan(Diskuwento kada Uri) para sa fiscal year Reiwa 6(2024). Hanggang *Mayo 31(Biyernes)*.
【Oras ng Tanggapan】 Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) (Munisipyo Main Branch 3rd floor) ,
Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan sa Oigawa (Oigawa Shimin Sabisu Senta) (Munisipyo Oigawa branch 1st floor)
【Matatawagan】 Seksyon ng Buwis(Kazei-ka) Tagapangasiwa sa Depreciable assets・Taxes
(Shokyakushisan・Shozei Tanto) ☎054-626-1142




## ■Buwis ng Sasakyan(Diskuwento kada uri) (Jidosha-zei Shubetsuwari)■

Bawat taon ng Abril 1, ang nagmamay-ari ng sasakyan na nakarehistro sa Land Transportation Bureau ay papatawan ng buwis.
※Sa mga taong hindi parin makatanggap ng 「Notipikasyon ng Bayarin sa Buwis ng Sasakyan(Diskuwento kada uri(Jidoshazei Shubetsuwari Nozei Tsuchisho)」 hanggang sa Mayo 17 (Maliban sa Maliliit na Sasakyan:keijidosha)」,mangyaring tumawag lamang kayo sa numero sa ibaba.
【Matatawagan】 Opisina ng Lokal na Pananalapi sa Fujieda Lalalawigan ng Shizuoka
(Shizuoka-ken Fujieda Zaimu Jimusho Kazei-ka) ☎054-644-9122

## ■Pagdidisimpekta sa kapunuan ng pino (Matsu no ki no shodoku)■

Upang mapangalagaan ang mga pino mula sa mga insekto,didiligan ito ng pestisidyo. Huwag lumapit sa kapunuan ng pino sa mga nasabing panahon. Ang mga taong nakatira malapit sa lugar ay kailangan mag-ingat na hindi madapuan ng pestisidyo ang alagang hayop,sasakyan at mga labahin.
At hangga't maari ay huwag lumabas ng bahay.
【Araw at Oras】 Mayo 20(Lunes) , Mayo 21 (Martes) Simula 4:00am~7:00am
※Malilipat sa Mayo 22(Miyerkules),23(Huwebes) kapag malakas ang hangin at maulan.
【Lugar】 Mula sa Kapunuan ng Pino sa Dalampasigang bahagi timog ng
Ishizuhama Soccer Ground hanggang Oigawa Port
【Matatanungan】Seksyon ng Tagapamahala sa Agrikultura (Nosei-ka) ☎054-626-2158



## ■Libreng Konsultasyon sa Abogado angkop ang mga tahanan ng nag-iisang magulang (Hitori oya katei no tame no muryo bengoshi sodan)■

Makakakonsulta ng libre angkop ang mga pamamahay ng nag-iisang magulang na nag-iisip ng diborsyo tulad ng suporta sa bata,pakikipagtagpo ng mag-anak,custodiya,rehistro ng pamilya,salipi ng konsuwelo atbp.
【Maaaring komunsulta】
①Ikalawang Miyerkules ng Enero ,Marso,Mayo,Hulyo,Setyembre,Nobyembre 1:00pm~5:00pm
②Pangatlong Sabado ng Pebrero,Hunyo,Oktubre,Disyembre (Wala sa Abril at Agosto) 1:00pm~5:00pm
【Lugar】①Mizu-no-Mori bldg. 3rd floor (Shizuoka-shi Suruga-ku)
②Prefectural General Social Welfare Hall 4th floor(Ken Sogo Shakai Fukushi Kaikan)
(Shizuoka-shi Aoiku) Hitori-oya Support Center
【Paraan ng Aplikasyon】 Magpareserba mula sa tawag.
【Aplikasyon・Matatanungan】 Hitori-oya Support Center Main branch ☎054-254-1191
※Walang Interpreter.Magpunta kasama ang taong marunong sa wikang Nihongo.

## ■Pulong ng Konsultasyon sa mga Mamamayan may ugnay sa dayuhang bansa (Gaikoku ni tsunagaru shimin no tame no senmon sodankai)■

~Bayad sa Upa,Problema sa pinagtatrabahuan at Nawalan ng trabaho,Diborsyo,VISA atbp,komunsulta kung may inaalala~
【Araw ng Konsultasyon】 Hunyo 23(Linggo) 10:00am~4:00pm
【Lugar ng Konsultasyon】 Sentro ng Pakikipag-ugnayan sa Lokalidad sa Wada (Wada Chiiki Koryu Senta)
(Yaizu-shi Tajiri 1992-2)
【Wikang makokonsultahan】 Tagalog,Portuguese,Spanish,English,Vietnamese atbp.
※Libre ang konsultasyon.Pangangalagaan ang pribasidad. Huwag kalimutan kumuha ng reserbasyon.
【Makokonsultahang eksperto】Lawyer,Administrative Scrivener, Labor and Social Security Attorney
【Aplikasyon】 Magpareserba hanggang sa Hunyo 19(Miyerkules).
Sabihin ang detalye ng ikokonsulta bagay at nais na oras para sa konsulta.
【Aplikasyon・Katanungan】Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka) ☎054-626-2191



# ■「Silid-aralan para sa pangunahing NIHONGO」■

## 「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」

Sa「Silid-aralan para sa pangunahing Nihongo:Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」,mag-aaral tayo ng Nihongo habang kausap ang mga Hapones na nakatira sa lokalidad tungkol sa iyong bansa,paboritong pagkain,pamilya at iba pa. Ang taong marunong sa iyong wika ang tutulong sa inyong pakikipag-usap.

Ang silid-aralan ay may「NYUMON CLASS:Introductory class」 para sa mga taong hindi halos marunong ng Nihongo at「SHOKYU CLASS:Beginners class」para sa mga taong marunong kaunti sa Nihongo.

Marami din tao ang lumahok sa nakaraang klase ng taon 2023. Muli po namin pinaghahandaan ang masayang klase ngayong taon. Sa mga interesadong tao,ipapaalam namin ang malinaw na detalye sa ilalathalang KOHO YAIZU sa buwan ng HULYO. Kasalukuyan ay hindi pa makakapag-aplay,hinihiling po namin ang iyong saglit na paghihintay.

**Araw at Oras**: Sa linggo ng Setyembre hanggang Nobyembre 9:30am-11:30am (10 beses Lahat)

**Lugar**: Sentro ng Pakikipag-ugnayan sa Lokalidad sa loob ng Yaizu city（Sentro ng Komunidad:*Kominkan*）
o Yaizu City Hall (*Yaizu Shiyakusho)*

**Bayad sa Pagsali sa Lektura**: 0 YEN

**Kapasidad**:「NYUMON CLASS：Introductory class」 20 ka tao ,
「SHOKYU CLASS:Beginner class」 20 ka tao



●Naghahanap ng supporter para sa katutubong wika sa「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」●

Naghahanap ng tagatulong sa「Hajimete no Nihongo Kyoshitsu」gamit ang wikang Nihongo at Katutubong wika ng mag-aaral (Tagalog,Bisaya,Portuguese,Spanish atbp.) na maaaring gumabay sa silid-aralan. Sa mga interesado,tumawag lamang sa ibaba.

Matatawagan: Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan(Kyodo Suishin-ka) ☏054-626-2191

## ■Parsyal na magiging libre ang bayad sa paggamit ng「KOSODATE OENTAI」■

(Kosodate oentai no riyoryo wo ichibu muryoka)

Ang tinutukoy na「Kosodate Oentai」 ay serbisyo ng pagtulong sa madadaling gawaing bahay para sa nagdadalang tao o sa panahon na nahihirapan matapos manganak. Simula sa Abril angkop ang ilang pamamahay ,ang bayad sa paggamit ng Kosodate Oentai ay magiging libre.

【Angkop】Taong nagdadalang tao, Pamilyang nagpapalaki ng batang 0 anyos

【Nilalaman】Paghanda ng lutuin,Paglilinis,Paglalaba at iba pang madaling gawaing bahay at pagbili ng mga kailangang bagay at iba pa

【Oras na makakagamit】Weekdays 9:00am～5:00pm 1 Beses/2 oras

※Makakagamit din ang mga pamamahay na mayroong batang nasa gulang 1-2 anyos.
May bayad na ¥500 kada 1 beses/2 oras.

【Matatanungan】Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) ☏054-626-1137



## ■Bakunang panguntra sa Herpes Zoester (Taijo hoshin no yobo sesshu) ■

Sa Yaizu city,ang gastusin para sa panguntrang bakuna ng Herpes Zoester ay magiging mura dahil ang ilang halaga ay parsyal na babayaran ng lungsod.




【Taong angkop】Taong higit sa 50 taong gulang sa araw ng pagbakuna
at ang tirahan ay nasa Yaizu city

【Halaga ng subsidiya sa napabilang na bakuna】Buhay na bakuna（BIKEN） ¥5,000、
Di-aktibong bakuna（SHINGRIX） ¥10,000

【Paraan ng subsidiya】Mangyaring sulatan ang application form at isumite ito sa mga isinaad na Ospital atbp.
Magtanong sa karagdagang detalye.

【Matatawagan】Sentro ng Pag-aalaga sa Kalusugan(Yaizu-shi Hoken Senta) ☏054-627-4111

## ■Pagsusuring dental (Shika kenshin)■

Sa mga angkop na edad,maaaring sumailalim sa dental check-up sa murang halaga. Ating panatilihin ang magandang kalusugan ng bibig.Sa mga angkop,may matatanggap ng consultation ticket.



【Angkop】Taong nasa edad 20･25･30･35･40･45･50･55･60･65･70 taong gulang
（Edad sa punto ng Marso 31,2025）

【Panahon na maaaring magpatingin】Hanggang Pebrero 28,2025

【Nilalaman】Medikal na Pagtatanong,Intraoral examination(loob ng bibig),
Pagbigay paliwanag ukol sa Resulta ng Pagsusuri sa Kalusugan,Pangkalusugan Gabay

【Mga dadalhin】Consultation ticket,Sariling bayad ¥500（70 anyos ay libre）,
Kard ng Seguro sa Kalusugan(Kenko hokensho). Itanong ang karagdagang detalye.

【Matatawagan】Seksyon ng Pag-aalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka) ☏054-627-4111

**■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■** ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo.

| Konsultasyon | Araw・Oras | Matatawagan | Nilalaman |
|---|---|---|---|
| **Konsultasyon sa bayarin ng Buwis**<br><br>【MAYO】 | 【Lunes-Biyernes】<br>8:30am-12:00pm,1:00pm-4:30pm<br>【Konsultasyon sa Huwebes/gabi】<br>←Walang Interpreter.<br>Mayo 2,9,16,23,30<br>5:15pm-7:00pm<br>【Konsultasyon sa linggo】<br>←Ika-4 na Linggo kada buwan<br>Mayo 26 9:00am-12:00pm | Yaizu City Hall<br>(Yaizu Shiyakusho)<br><br>Seksyon ukol sa bayarin ng buwis<br>(Nozei Sokushin-ka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kapag hindi mababayaran ang buwis sa takdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta.<br>※May Interpreter sa Tagalog,Bisaya,Portuguese sa linggo.<br>※Nagbago ang oras mula sa Abril.<br>【Konsultasyon sa Huwebes/Gabi】<br>5:15pm-7:00pm<br>【Konsultasyon sa Linggo】<br>9:00am-12:00pm |
| VISA | Lunes-Biyernes<br>8:30am-5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☎0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proseso ng pananatili<br>(English・Korean・Chinese・Spanish atbp.) |

**■Iskedyul ng Ospital at Botika sa Holiday at Linggo (Mayo)■** ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am〜5:00pm(Ang may marka na ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista: 9:00am~3:00pm】

**【 3(National Holiday) 】** NAI-KA(Internal Medicine)/GE-KA(External Medicine)/JIBI-KA(Otolaryngology)/FUJIN-KA(Gynecology) Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321 GE-KA(E.M) Yoshida iin☆(Riemon) ☎622-0108 SHI-KA(Dentistry) Kataoka shika iin (Kohiji) ☎627-8883 YAKKYOKU(Pharmacy) Emu heart yakkyoku Tajiri-ten (Tajiri) ☎656-2233, Oigawa fureai yakkyoku (Riemon) ☎662-0411

**【4(National Holiday)】** NAI-KA(I.M) Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☎621-1111 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Shinohara iin (Honmachi 5) ☎628-3070 GE-KA(E.M) Kanai seikeigeka (Omura 2) ☎ 621-1211 HINYOKI-KA(Urology)/HIFU-KA(Dermatology) Hirai iin☆(Kamiizumi) ☎ 622-9070 SHI-KA(Dentistry) Tateishi shika clinic (Oyaizu) ☎668-9082 YAKKYOKU(Pharmacy) Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎631-6090, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000, Nishina yakkyoku oigawa-ten (Kamiizumi) ☎662-0862

**【5(National Holiday)】** NAI-KA(I.M) Yamashita naika iin (Honmachi 2) ☎628-2733 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Nakayama clinic (Shimoda) ☎623-0090 GE-KA(E.M) Okubo iin (kamikosugi) ☎ 622-2500 SHI-KA(Dentistry) Carrot clinic oda shika (Nakashinden) ☎ 623-6480 YAKKYOKU(Pharmacy) Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771, Emu heart yakkyoku sumire chuo- ten (Ishizuminatocho) ☎623-9311, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677

**【 6(Holiday) 】** NAI-KA(I.M) Fukumura clinic (Daieicho 2) ☎ 627-1228 SHONI-KA(Pediatric)/JIBI-KA(Otolaryngology) Nakagami iin (Nakashinden) ☎623-0805 GE-KA(E.M) Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎656-2221 SHI-KA(Dentistry) Aoki shika (Ishizu) ☎625-1870 YAKKYOKU(Pharmacy) Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎629-8862, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☎ 624-9390, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939

**【12(Linggo)】** NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Ashida clinic (Yosoji) ☎623-5656 GE-KA(E.M) Sawai iin (Sakaemachi 2) ☎ 626-6660 JIBI-KA(Otolaryngology) Amano jibiinkoka clinic☆(Fujieda-shi Tanaka 3) ☎646-3313 SHI-KA(Dentistry) Yagi shika iin (Kogawa) ☎625-8212 YAKKYOKU(Pharmacy) Marin yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎621-1008

**【19(Linggo)】** NAI-KA(I.M) Itaya clinic (Kohiji) ☎621-5200 SHONI-KA(Pediatric) Yamamoto shonika (Ishizu) ☎656-0100 GE-KA(E.M) Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎620-8772 JIBI-KA(Otolaryngology) Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☎635-8687 GAN-KA(Dermatology) Yaizu kogawa ganka (Higashikogawa 2) ☎626-8860 SHI-KA(Dentistry) Izawa shika iin (Ishizuminatocho) ☎624-9018 YAKKYOKU(Pharmacy) Yotsuba yakkyoku (Ishizu) ☎625-0005, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Akagi yakkyoku kogawa-ten (Higashikogawa 2) ☎626-5300

**【26(Linggo)】** NAI-KA(I.M) Nagata clinic (Oyaizu) ☎631-6015 SHONI-KA(Pediatric) Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Sakurai iin☆(Kamishinden) ☎622-0122 GE-KA(E.M) Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎621-5511 JIBI-KA(Otolaryngology) Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎620-6001 SHI-KA(Dentistry) Kawamura shika shinryoshitsu (Honmachi 2) ☎631-4618 YAKKYOKU(Pharmacy) Genki yakkyoku(Oyaizu) ☎620-7237, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎627-2831, Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☎622-3408

**■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■**

Lugar: Shida Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099

Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas

Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**＜Mayo 4(National Holiday),12(Linggo),18(Sabado),26(Linggo),Hunyo 1(Sabado)＞**